CARD MBA
A member of CARD MRI

Panatag Ka.

# MEMBERS' ADVISORY

Nais ipabatid sa lahat ang mga pagbabago at paglilinaw sa polisiya ng CARD MBA Basic Life Insurance Product (BLIP) kaugnay sa Motor Vehicular Accident Hospitalization (MVAH) Benefit at Exlusions o mga pangyayaring hindi maituturing na aksidente.

**A. Motor Vehicular Accident Hospitalization (MVAH) Benefit**

Ang pagkaka-ospital ng kasapi o legal na asawa nito dahil sa aksidente na natamo mula sa pangangarera (racing) o anumang uri ng motorsport ay hindi sakop ng MVAH Benefit.

**B. Exclusions o mga pangayayari na hindi maituturing na aksidente**

Ang mga sumusunod na sanhi ng pagkamatay o total at permanenteng pagkabaldado ay hindi maituturing na aksidente sa ilalim ng BLIP at Family Security Plan (FSP):

a. Pagpapakamatay o anumang sinadyang pananakit o pamiminsala sa sarili;

b. Pinatay, kung ang kasapi o lehitimong kaanak ang nagsimula ng kaguluhan; o anumang pagtatangka na katulad nito;

c. Naglason o nilason, ito man ay sinasadya o hindi sinasadya;

d. Aksidente na naganap habang o dahil ang member o lehitimong kaanak ay lasing, nakainom o gumamit ng ipinagbabawal na gamot;

**e. Gumawa o nagtangkang gumawa ng mga bagay na labag sa batas;**

f. Habang ang kasapi o lehitimong kaanak ay gumaganap sa kanyang tungkulin o trabaho gaya ng:

- pulis, security guard, at kapitan o konsehal ng barangay o bayan at mga
- kagaya nito asama sa riot (kabilang sa anti-riot squad);

h. Natural na kalamidad, maliban sa kidlat, gaya ng subalit hindi limitado sa bagyo, lindol, pagguho ng lupa, tsunami, buhawi, pagputok ng bulkan at mga kagaya nito;

i. Digmaan, pananalakay, kaguluhan dulot ng mga dayuhang kaaway maging ito man ay deklarado o hindi, pag-aalsa, welga, riot, pagsasabwatan, paglusob, o anumang sandata o instrumento na gumagamit ng atomic fission o radioactive force maging ito man ay nangyari sa oras ng kapayapaan o ng digmaan;

j. Maling panggagamot ng doctor;

k. Extreme sports o anumang mapanganib na libangan; at

**l. Anumang kapabayaan ng kasapi at/o lehitimong kaanak.**

Ang mga pangyayaring nakasaad sa itaas ay hindi rin maituturing na aksidente sa AcciPlan maliban sa Natural na Kalamidad. **<u>Ang pagkamatay, pagkabaldado at pagkaka-ospital dahil sa Natural na Kalamidad (o Acts of God) ay maituturing na aksidente sa AcciPlan.</u>**

Ang lahat ng polisiya na taliwas sa mga nabanggit sa itaas ay ipinapawalang bisa na.

Para sa inyong kaalaman at gabay. Maraming salamat.

**MS. DENEGLEN C. PEÑAFLORIDA**
Chairman and President

#120 M. Paulino St. cor P. Burgos St., Brgy VII-D, San Pablo City, Laguna, 4000 Philippines
Tel. No. 049-562-2878 / 049-562-5537 | Cel. No. 0928-520-5769
Email: cardmba9999@cardmri.com